**Petsa: September 11, 2026**

# PAGPAPALAKI AT PANGANGALAGA SA MGA ANAK

## Unang Khutbah

Tunay na ang lahat ng papuri ay para kay Allah. Siya lamang ang ating pinupuri, hinihingan ng tulong at kapatawaran. Humihingi tayo ng kanlungan kay Allah laban sa kasamaan ng ating mga sarili at sa masasamang bunga ng ating mga gawa. Ang sinumang patnubayan ni Allah ay walang sinumang makapagliligaw sa kanya, at ang sinumang iligaw Niya ay walang sinumang makapagbibigay sa kanya ng patnubay.

Ako ay sumasaksi na walang diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Allah, Siya ay Nag-iisa at walang katambal. At ako ay sumasaksi na si Muhammad ay Kanyang alipin at Sugo, ang Kanyang pinili mula sa Kanyang mga nilikha at Kanyang minamahal. Ginampanan niya ang ipinagkatiwalang tungkulin, naiparating niya ang mensahe, at nakipaglaban siya alang-alang kay Allah nang buong pagsisikap, hanggang sa dumating sa kanya ang katiyakan ng kamatayan. Nawa'y ang pagpapala at kapayapaan ni Allah ay mapasakanya, sa kanyang pamilya at sa lahat ng kanyang mga Ṣaḥābah.

Sinabi ni Allah:

**"O kayong mga sumampalataya! Matakot kayo kay Allah nang tunay na nararapat na pagkatakot sa Kanya, at huwag kayong mamamatay maliban na kayo ay mga Muslim."** *(Āl 'Imrān: 102)*

**Pagkatapos nito:**

Tunay na ang pinakatotoong salita ay ang Aklat ni Allah, at ang pinakamabuting patnubay ay ang patnubay ni Muhammad ﷺ. Ang pinakamasamang bagay ay ang mga bagong ipinakilalang gawain sa relihiyon. Ang bawat bagong ipinakilalang gawain ay bid'ah, ang bawat bid'ah ay pagkaligaw, at ang bawat pagkaligaw ay sa Apoy.

**Mga alipin ni Allah!**

Ang pagkakaroon ng mga anak ay isang banal na biyaya at isang kaloob mula sa ating Panginoon. Ipinagkakaloob ito ni Allah sa sinumang Kanyang nais mula sa Kanyang mga alipin.

Sinabi ni Allah:

**"At si Allah ang gumawa para sa inyo ng mga asawa mula sa inyong mga sarili, at gumawa para sa inyo mula sa inyong mga asawa ng mga anak na lalaki at mga apo, at naglaan sa inyo ng mabubuting bagay."** *(An-Naḥl: 72)*

Ang mga anak ay palamuti at kagalakan ng buhay, at kabilang sa pinakamahalaga at pinakamamahal na mga kaloob. Kapag sila ay mabuti at matuwid, natutuwa ang mga mata, nagiging payapa ang kaluluwa at sumasaya ang puso.

Kaya kabilang sa mga panalangin ng mga alipin ng Ar-Raḥmān:

**“O aming Panginoon! Ipagkaloob Mo sa amin mula sa aming mga asawa at mga anak ang mga magpapakalugod sa aming mga mata, at gawin Mo kaming mga huwaran para sa mga may takot sa Iyo.”** *(Al-Furqān: 74)*

Kabilang sa ganap na tagumpay at biyaya ni Allah sa isang alipin na magkaroon siya ng mga anak mula sa kanyang lahi na sumasamba kay Allah lamang at walang katambal. Nakikita niya ang kanyang anak na nagdarasal sa kanyang harapan at bumibigkas ng mga talata ng Qur’an sa kanyang harapan. Dahil dito, napupuno siya ng kaligayahan at kagalakan.

Kaya ang pagiging matuwid ng mga anak ay isang napakahalagang mithiin at isang tagumpay na ipinagkakaloob ng Allah, ang Pinong Nakababatid ng lahat ng bagay.

**O mga mananampalataya!**

Ang pagpapalaki at paghubog sa mga anak ay isang napakalaking pananagutan at isang napakahalagang tungkulin, lalo na sa harap ng mga hamon na ating nararanasan sa makabagong panahon.

Ang mabuting pagpapalaki ay nangangailangan ng pagtitiis, karunungan, kahinahunan at malawak na karanasan. Ang pagpapalaki sa mga anak ngayon ay hindi na tulad noong nakaraan. Nagbago ang mga paraan, dumami ang mga impluwensiya at mabilis na dumami ang mga hamon.

Ang isang anak ay nabubuhay ngayon sa isang bukas na mundo. Nakakarinig, nakakakita at naaapektuhan siya ng iba’t ibang media at teknolohiya nang higit kaysa sa kanyang naririnig mula sa kanyang mga magulang o natatanggap mula sa kanyang mga tagapagturo.

Kaya ang pagpapalaki sa mga anak sa panahon natin ay isang araw-araw na pagsisikap at patuloy na pagtitiis.

Sinabi ni Allah:

**“O kayong mga sumampalataya! Pangalagaan ninyo ang inyong mga sarili at ang inyong mga pamilya laban sa Apoy na ang panggatong ay mga tao at mga bato.”** *(At-Taḥrīm: 6)*

Sinabi ni Al-Ḥāfiẓ Ibn Kathīr bilang pagpapaliwanag sa talatang ito:

“Iutos ninyo sa kanila ang kabutihan at pagbawalan ninyo sila sa kasamaan. Huwag ninyo silang pabayaan nang walang paggabay, upang hindi sila lamunin ng Apoy sa Araw ng Pagkabuhay na Muli.”

**O mga pinagpala!**

Kabilang sa pinakamalaking bagay na makatutulong sa pagpapalaki ng mga anak sa panahon ng mga hamon ay ang pagtatanim ng pananampalataya sa kanilang mga puso mula pa sa kanilang murang edad.

Kapag napuno ng pananampalataya ang puso, magiging matuwid ang mga gawain ng katawan, gaganda ang pag-uugali, at magkakaroon ang anak ng kamalayan na siya ay minamasdan ni Allah. Dahil dito, mananatili siyang nasa tamang landas kahit wala ang taong nagbabantay sa kanya.

Isinalaysay ni Ibn ‘Abbās:

Isang araw ay nakasakay ako sa likuran ng Sugo ni Allah ﷺ, at sinabi niya:

**“O batang lalaki! Tuturuan kita ng ilang salita: Ingatan mo ang mga utos ni Allah, iingatan ka Niya. Ingatan mo ang mga utos ni Allah, matatagpuan mo Siya sa iyong harapan. Kapag humingi ka, kay Allah ka humingi; at kapag humingi ka ng tulong, kay Allah ka humingi. At alamin mo na kung magkaisa man ang buong sangkatauhan upang bigyan ka ng anumang pakinabang, hindi ka nila mabibigyan ng pakinabang maliban sa bagay na itinakda na ni Allah para sa iyo. At kung magkaisa man sila upang bigyan ka ng pinsala, hindi ka nila mabibigyan ng pinsala maliban sa bagay na itinakda na ni Allah laban sa iyo. Na itinaas na ang mga panulat at natuyo na ang mga pahina.”** *(Isinalaysay ni At-Tirmidhī at itinuring niya itong ṣaḥīḥ.)*

**O mga mananampalataya!**

Kabilang sa mga kapaki-pakinabang na paraan sa pagpapalaki sa mga anak na lalaki at babae ay ang maagang pagsasanay sa pagsunod sa mga utos ni Allah at pag-iwas sa mga ipinagbabawal.

Sinabi ni Allah:

**“At iutos mo sa iyong pamilya ang Ṣalāh at magtiyaga ka rito. Hindi Kami humihingi sa iyo ng panustos; Kami ang nagbibigay sa iyo ng panustos. At ang mabuting wakas ay para sa Taqwā.”** *(Ṭāhā: 132)*

At sinabi ni Allah tungkol kay Luqmān nang payuhan niya ang kanyang anak:

**“O aking anak! Isagawa mo ang Ṣalāh, mag-utos ka ng kabutihan, magbawal ka ng kasamaan, at magtiis ka sa anumang dumating sa iyo. Tunay na iyon ay kabilang sa mga bagay na nangangailangan ng matibay na pagpapasiya.”** *(Luqmān: 17)*

Isinalaysay ni ‘Abdullah ibn ‘Amr na sinabi ng Sugo ni Allah ﷺ:

**“Iutos ninyo sa inyong mga anak ang Ṣalāh kapag sila ay pitong taong gulang na, at pagsabihan sila nang mahigpit tungkol dito kapag sila ay sampung taong gulang na, at**

**paghiwalayin ninyo sila sa kanilang mga higaan."** *(Isinalaysay nina Abū Dāwūd at At-Tirmidhī at itinuring itong ṣaḥīḥ.)*

Talagang binigyan ng Propeta ﷺ ng espesyal na pansin ang mga bata at palagi niyang inaalam ang kanilang kalagayan.

Ang kanyang pamamaraan sa pagpapalaki sa kanila ay nakabatay sa pag-aalaga, pagtatanong nang may kahinahunan at awa. Tinatanong niya ang mga bata tungkol sa kanilang Ṣalāh upang iparamdam sa kanila ang kahalagahan nito, sanayin sila rito at palakasin ang kanilang ugnayan kay Allah.

Isinalaysay ni Ibn ʻAbbās:

"Nanuluyan ako sa aking tiyahin na si Maymūnah. Dumating ang Sugo ni Allah ﷺ pagkagabi at sinabi: **"Nagdasal na ba ang batang lalaki?"** Sinabi nila: "Oo." *(Isinalaysay ni Abū Dāwūd at itinuring na ṣaḥīḥ ni Al-Albānī.)*

Hindi lamang mga hayag na pagsamba ang itinuro ng Propeta ﷺ. Itinuro rin niya ang maliliit na bahagi ng mabuting asal at wastong pag-uugali, tulad ng paraan ng pagkain at pag-inom.

Isinalaysay ni ʻUmar ibn Abī Salamah:

Ako noon ay isang batang lalaki na nasa pangangalaga ng Sugo ni Allah ﷺ, at ang aking kamay ay kung saan-saan gumagalaw sa lalagyan ng pagkain. Sinabi sa akin ng Sugo ni Allah ﷺ: **"O batang lalaki! Banggitin mo ang pangalan ni Allah, kumain ka gamit ang iyong kanang kamay, at kumain ka mula sa harapan mo."** At mula noon, iyon na ang naging paraan ko ng pagkain." *(Isinalaysay nina Al-Bukhārī at Muslim.)*

**O mga Muslim!**

Kabilang sa mga salitang lubhang nakasira sa pagpapalaki sa mga anak sa ating panahon ay ang pagsasabi: Hayaan mo na siya, bata pa naman siya.

Isang salitang nagiging dahilan upang bigyang-katwiran ang mga pagkakamali, patayin ang liwanag ng paggabay at buksan ang pintuan ng pagpapabaya.

Dahil dito, maaaring gawin ng anak na lalaki ang anumang nais niyang gawin nang hindi siya sinasaway. Maaari ring magsuot ang anak na babae ng anumang damit na nais niya nang walang gumagabay o pumupuna sa kanya.

Hanggang sa lumaki ang isang henerasyon na nasanay sa pagkakamali at kapabayaan at hindi na nagbibigay-halaga sa anumang sinasabi sa kanya.

**Ang anumang mabuting naitanim sa pagkabata ay mamumunga sa pagtanda.**

Isinalaysay ni Abū Hurayrah:

Kumuha si Al-Ḥasan ibn ‘Alī ng isang datiles mula sa mga datiles ng Ṣadaqah at inilagay ito sa kanyang bibig. Sinabi ng Propeta ﷺ: **“Kikh, kikh!”** upang ilabas niya ito. Pagkatapos ay sinabi niya: **“Hindi mo ba alam na hindi tayo kumakain ng Ṣadaqah?”** *(Isinalaysay ni Al-Bukhārī.)*

Sinabi ni Ibn Al-Qayyim:

**Ang sinumang nagpabaya sa pagtuturo sa kanyang anak ng mga bagay na makabubuti sa kanya at hinayaan siyang walang gabay ay tunay na lubhang nakagawa ng masama sa kanya. Karamihan sa pagkasira ng mga anak ay nagmumula sa kanilang mga magulang dahil sa kanilang pagpapabaya sa kanila at hindi pagtuturo sa kanila ng mga obligasyon at Sunnah ng relihiyon. Kaya sinira nila ang kanilang mga anak noong sila ay maliliit pa, kaya hindi sila naging kapaki-pakinabang sa kanilang mga sarili at hindi rin sila naging kapaki-pakinabang sa kanilang mga magulang nang sila ay lumaki.**

**Ang mabuting asal ay tumutubo na parang halaman kapag dinidiligan ng tubig ng marangal na mga katangian.**

**Ito ay tumitibay kapag inaalagaan ng tagapangalaga at namumunga sa landas ng kabutihan.**

Nawa’y pagpalain ako ni Allah at kayong lahat sa pamamagitan ng Dakilang Qur’an, at nawa’y makinabang ako at kayo sa mga talata at matalinong paalaala na nilalaman nito.

Ito ang aking sinabi, at humihingi ako ng kapatawaran kay Allah para sa akin at para sa inyo mula sa bawat kasalanan. Ako ay nagsisisi at nagbabalik-loob sa Kanya. Kaya humingi kayo ng kapatawaran sa Kanya at magsisi kayo sa Kanya. Tunay na Siya ang Lubos na Mapagpatawad, ang Maawain.

## Ikalawang Khutbah

Ang lahat ng papuri ay kay Allah dahil sa Kanyang kabutihan. At ang pasasalamat ay para sa Kanya dahil sa Kanyang paggabay at mga biyaya.

Nawa’y ang pagpapala at kapayapaan ay mapasakay Muhammad ibn ‘Abdullah, ang tagapag-anyaya tungo sa kaluguran ni Allah, at sa kanyang pamilya, mga Ṣaḥābah at sa sinumang sumunod sa kanyang pamamaraan hanggang sa Araw ng Paghuhukom.

**Pagkatapos nito:**

Kaya matakot kayo kay Allah, O mga alipin ni Allah, nang tunay na nararapat ang Taqwā. Bantayan ninyo ang inyong mga sarili sa lihim at sa mga bagay na walang ibang nakaaalam. At alamin ninyo na kay Allah kayo titipunin.

**O mga Muslim!**

Kabilang sa mga pinakamabisang paraan ng pagpapalaki sa mga anak ay ang pagiging mabuting huwaran.

Ito ay isang uri ng pagtuturo na hindi nangangailangan ng maraming salita. Tahimik itong gumagawa ng epekto sa mga puso ng mga anak. Lumalaki ang bata na naiimpluwensiyahan ng magandang asal at mabuting halimbawa na kanyang nakikita.

Kaya kabilang sa pinakamapanganib na bagay na maaaring magdulot ng paglihis at kaguluhan sa pag-uugali ng bata ay ang makita niyang hindi nagtutugma ang sinasabi ng kanyang mga magulang at ang kanilang ginagawa.

Iniutos ni Allah sa Kanyang Propeta ﷺ na sundin ang halimbawa ng mga naunang Propeta at Sugo. Sinabi ni Allah:

**“Sila ang mga taong pinatnubayan ni Allah, kaya sundin mo ang kanilang patnubay.”** *(Al-An‘ām: 90)*

At ginabayan Niya ang Ummah na tularan ang Sugo nito ﷺ sa lahat ng kanyang mga salita, gawa at kalagayan.

Sinabi Niya:

**“Tunay na nasa Sugo ni Allah ang isang magandang huwaran para sa inyo, para sa sinumang umaasa kay Allah at sa Huling Araw at laging umaalaala kay Allah.”** *(Al-Aḥzāb: 21)*

Ipinakikita nito na ang pagkakaroon ng mabuting huwaran ay isang mahalagang pundasyon sa pagbuo ng isang mabuting lipunan at isang pangunahing dahilan sa pagpapalaki ng mga taong matuwid na magiging kapaki-pakinabang sa kanilang paligid.

**O mga pinagpala!**

Kabilang sa pinakamabisang paraan ng pagpapalaki sa mga anak ang maalam at maingat na pagsubaybay sa kanilang mga interes, pag-unawa sa mga bagay na gumugulo sa kanilang isipan at pagbubukas ng pintuan ng pag-uusap sa kanila.

Sa ganitong paraan, mawawala ang mga hadlang at magiging komportable sila sa pagsasalita at pakikipag-usap.

Ang ama o ina ay magiging tagapamahala na parang isang kaibigan, at magiging responsable na parang isang kasamahan. Pinagsasama niya ang paggalang at pagmamahal, ang paggabay at pag-unawa.

Pag-isipan ninyo ang pag-uusap sa pagitan ni Ibrāhīm Al-Khalīl at ng kanyang anak na si Ismā‘īl.

Sinabi ni Allah:

**“At nang umabot na siya sa edad na maaari na siyang magsikap kasama niya, sinabi niya: ‘O aking anak! Tunay na nakita ko sa panaginip na kinakatay kita. Kaya tingnan mo kung ano ang iyong palagay.’ Sinabi niya: ‘O aking ama! Gawin mo ang ipinag-uutos sa iyo. Matatagpuan mo ako, kung naisin ni Allah, na kabilang sa mga matiisin.”** *(Aṣ-Ṣāffāt: 102)*

At nang makita ni Yūsuf ang kanyang panaginip, hindi niya ito ipinahayag sa iba kundi sa kanyang ama.

Sinabi ni Allah:

**“Nang sabihin ni Yūsuf sa kanyang ama: ‘O aking ama! Tunay na nakita ko ang labing-isang bituin, at ang araw at buwan; nakita ko silang yumuyukod sa akin.”** *(Yūsuf: 4)*

Ang mga lihim ay ipinagkakatiwala lamang sa taong kampante at panatag tayo sa kanyang harapan.

**Hindi ang ulila ay yaong nawalan ng ama at ina na nag-iwan sa kanya sa gitna ng hirap ng buhay.**

**Ang tunay na ulila ay yaong may ina ngunit siya’y pinabayaan, o may ama ngunit palaging abala at walang panahon para sa kanya.**

O Allah! Patawarin Mo ang mga Muslim na lalaki at babae, ang mga buhay sa kanila at ang mga namatay.

O aming Panginoon! Alisin Mo sa amin ang mga pagsubok, epidemya, paghihirap at mga kapighatian. Patuloy Mong ipagkaloob sa amin ang Iyong mga biyaya at ilayo Mo sa amin ang Iyong mga kaparusahan.

Linisin Mo ang aming mga kaluluwa. Ikaw ang pinakamabuting Tagapagpadalisay sa mga ito.

O aming Panginoon! Bigyan Mo kami ng kabutihan sa mundong ito at ng kabutihan sa Kabilang-Buhay, at iligtas Mo kami mula sa kaparusahan ng Apoy.

O Allah! Gabayan Mo ang aming Amir at ang kanyang Crown Prince tungo sa anumang Iyong minamahal at kinalulugdan. Akayin Mo sila tungo sa kabutihan at Taqwā.

Gawin Mo ang bansang ito na ligtas at payapa, masagana at maunlad, at gayundin ang lahat ng mga lupain ng mga Muslim.

**Ang Komite para sa paghahanda ng modelong Khutbah para sa pagdarasal sa Biyernes**